

Tumutulong para sa Pagkonekta sa Mga Benepisyo ng VA

Ano ang ginagawa ng isang Veterans Service Officer (VSO)?

- Tagapagtaguyod para sa Mga Beterano at Pamilya
- Tulong para sa Mga Paghahabol
- Pag-navigate ng mga Benepisyo
- Koneksyon sa Mapagkukunan ng Komunidad
- Outreach at Edukasyon
- Kumpidensyal, Kinikilalang (Accredited) Suporta

Magtanong sa isang Programa para sa VSO

May tanong? Nagbibigay ang mga NDVS VSO ng mabilis at tumpak na tugon:

- Mga Paghahabol para sa Kompensasyon at Pensiyon
- Pagpapatala para sa Pangangalagang Pangkalusugan ng VA
- Mga Benepisyo para sa Pagpapalibing ng VA
- At higit pa!

veterans.nv.gov

Ano ang isang Veterans Service Officer?



• **Tagapagtaguyod para sa Mga Beterano at Pamilya:** Tinutulungan ng mga VSO ang mga beterano, ang umaasa sa kanila, at ang nakaligtas na makakuha ng mga benepisyo mula sa Department of Veterans Affairs (VA) ng U.S. at iba pang estado at lokal na programa.

• **Tulong para sa Mga Paghahabol:** Sila ang naghahanda, nagsusumite, at nagsusubaybay ng mga paghahabol sa VA para sa kompensasyon sa kapansanan, pensiyon, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at higit pa—tinitiyak na kumpleto at tumpak ang lahat ng dokumento.

• **Pag-navigate ng mga Benepisyo:** Ipinapaliwanag ng mga VSO ang pagiging kwalipikado at ginagabayan ang mga beterano sa pamamagitan ng mga kumplikadong sistema ng benepisyo ng pederal at estado, kabilang na ang mga apela kung sakaling ipagkait ang mga benepisyo.

• **Koneksyon sa Mapagkukunan ng Komunidad:** Inuugnay nila ang mga beterano sa mahahalagang wraparound na serbisyo tulad ng suporta para sa pabahay, trabaho, kalusugan ng pag-iisip, at agarang pinansyal na tulong.

• **Outreach at Edukasyon:** Nagbibigay ang mga VSO ng mga briefing, nakikilahok sa mga kaganapan sa komunidad, at nagtuturo sa mga beterano tungkol sa mga available na mapagkukunan at kung paano i-access ang mga ito.

• **Kumpidensyal, Kinikilalang (Accredited) Suporta:** Bilang mga kinikilalang kinatawan, nag-aalok sila ng kumpidensyal at libreng suporta habang itinataguyod ang mahigpit na mga pamantayan sa etika at pederal na alituntunin.



veterans.nv.gov



Language Accessibility Here
Acceso al idioma aquí
Pagdaanan ng wika dito
此处获取语言无障碍服务